

DISTRITO NG TUBIG NG MID-PENINSULA (MID-PENINSULA WATER DISTRICT)

PATAKARAN SA PAGTATAPOS NG PAMBAHAYANG SERBISYO NG TUBIG

May Bisa sa Pebrero 1, 2020

1. Kasaysayan

Pinagtibay ang patakarang ito upang matugunan ang mga obligasyon ng Distrito ng Tubig ng Mid-Peninsula (Mid-Peninsula Water District, MPWD) sa ilalim ng California Government Code Section 60370 *et seq.*, California Public Utilities Code Section 10001 *et seq.* at Health and Safety Code Section 116900 *et seq.*, na nangangasiwa sa pagtapos ng ilang serbisyong pambayan. Hinihingi ng Health and Safety Code Section 116900 *et seq.*, ng Water Shutoff Protection Act na pinagtibay ng SB 998, sa mga taga-supply ng tubig sa lungsod at mga sistema ng patubig sa lungsod at komunidad, gaya ng MPWD, na pagtibayin ang isang nakasulat na patakarang tungkol sa pagtapos ngambahayang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad.

Magagamit at ipapaskil ang patakarang ito sa website ng MPWD sa wikang Ingles, Espanyol, Tsino, Tagalog, Vietnamese, Koreano, at anumang iba pang wika na ginagamit ng hindi bababa sa 10% ng mga residente sa lugar na sineserbisyuhan: www.midpeninsulawater.org

2. Bayad para sa Pambahayang Serbisyo ng Tubig

Bawat taong tumatanggap ng serbisyo ng tubig mula sa MPWD ay kailangang magbayad para sa naturang serbisyo sa loob ng tatlong (30) araw ng pagpapakoreo ng statement o bayarin. Maliban ayon sa ipinagbabawal ng batas, magkakaroon ng karapatan ang MPWD na tapusin ang serbisyo ng tubig dahil sa kabiguang gumawa ng kumpleto at napapanahong pagbabayad. Hindi tatapusin ng MPWD angambahayang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad hanggang ang sakop na account ay maging delinkuwenteng hindi bababa sa animnapung (60) araw sa kalendaryo.

3. Pagtutol sa Pagsingil

Kung naniniwala ang customer na siya ay siningil nang labis para saambahayang serbisyo ng tubig o siningil para saambahayang serbisyo ng tubig na hindi naipagkaloob, maaaring tutulan ng customer ang halagang dapat bayaran sa pamamagitan ng pag-aabiso sa MPWD sa pagsulat sa loob ng pitong (7) araw sa kalendaryo matapos matanggap ang statement o pagsingil sa 3 Dairy Lane in Belmont, California. Susuriin ng MPWD ang impormasyong ibinigay ng customer at sisiyasatin ang problema. Gagawa ang General Manager ng desisyon batay sa lahat ng impormasyon at magkakaroon ng kapangyarihang i-adjust ang halagang dapat bayaran sa isang patas at makatuwirang paraan, kung naaangkop.

Kung hindi sumang-ayon ang customer sa desisyon, maaaring iapela ng customer ang desisyon, sa loob ng pitong (7) araw sa kalendaryo mula sa desisyon ng General Manager, sa pagsulat, sa Lupon ng mga Direktor. Susuriin ng Lupon ng mga Direktor ang rekord at gagawa ng pagpapasya sa susunod nitong regular na pulong ng Lupon ng mga Direktor. Magiging pinal ang desisyon ng Lupon ng mga Direktor.

4. Abiso ng Pagtatapos ng Pambahayang Serbisyo

Magbibigay ang MPWD sa mga customer at/o sa mga aktuwal na gumagamit ng abiso ng delinkuwenteng pagbabayad at ang napipintong pagtapos ng serbisyo, ayon sa hinihingi ng batas. Ang mga paraan ng pag-aabiso ay sa koreo, pag-aabiso sa lugar, o sa telepono. Hindi aakuin ng MPWD ang responsibilidad sa pagpapakoreo o pagtawag sa telepono sa impormasyon ng pakikipag-ugnayan na hindi napanatiling up-to-date ng customer.

5. Pag-iwas sa Pagtatapos ng Pambahayang Serbisyo

Maaaring tawagan ang MPWD sa telepono sa (650) 591-8941 o makipag-ugnayan nang personal sa 3 Dairy Lane sa Belmont, California, Lunes-Biyernes mula 8:00AM hanggang 4:30PM, maliban sa mga pista-opisyal, upang talakayin ang mga opsyon para maiwasan ang pagtatapos ng serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga tuntunin ng patakarang ito.

Maaaring humiling ang isang customer na aprubahan ng MPWD ang isang alternatibong opsyon ng pagbabayad upang iwasan ang pagtapos, kabilang ang plano ng ipinagpaliban o binawasang pagbabayad, isang alternatibong iskedyl ng pagbabayad, o isang kasunduan na hulugan ang mga delinkuwenteng halaga. Sa panahon ng naturang paghiling, magbibigay ang customer sa MPWD ng dokumentasyon na nagpapatunay na ang bayarin ay lampas sa kakayahan ng customer na mabayaran nang buo sa normal na panahon ng pagbabayad.

Karaniwan, maaaring ipagkaloob ng MPWD ang anumang naturang kahilingan sa mabuti nitong pagpapasya, ngunit ipagkaloob nito ang naturang kahilingan, at hindi tatapusin ang pambahayang serbisyo ng tubig, kung matutugunan ang lahat ng sumusunod na kondisyon:

- A. Magsusumite ang customer, o ang nangungupahan ng customer, sa MPWD ng sertipikasyon ng isang provider ng pangunahing pangangalaga (ayon sa tinutukoy sa Welfare and Institutions Code section 14088(b)(1)(A)) na ang pagtapos ng pambahayang serbisyo ay magiging banta sa buhay ng, o maglalagay sa malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng, isang residente ng lugar kung saan ipinagkaloob ang pambahayang serbisyo; AT
- B. Nagpapakita ang customer na siya ay walang kakayahang pinansyal na mabayaran ang pambahayang serbisyo ng tubig sa loob ng karaniwang siklo ng pagsingil ng MPWD sa pamamagitan ng pagtugon sa isa sa sumusunod:
 1. Ang isang miyembro ng sambahayan ng customer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o
 2. Ipinapahayag ng customer na ang taunang kita ng kanyang sambahayan ay mababa sa 200 porsiyento ng antas ng kahirapan na itinakda ng pederal; AT
- C. Handa ang customer na pumasok sa isang kasunduan ng amortisasyon, alternatibong iskedyl ng pagbabayad, o isang plano para sa ipinagpaliban o binawasang pagbabayad, na naayon sa Patakarang ito.

Sa pagpapakita ng naturang o sa mabuting pagpapasya nito, kung naaangkop, mag-aalok ang MPWD sa customer ng isa o higit pa sa mga sumusunod na opsyon:

- AA. Amortisasyon ng natitirang balanse.
- BB. Isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad.
- CC. Isang bahagya o buong pagbabawas ng mga hindi bayad na balanse.
- DD. Pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad.

Maaaring piliin ng MPWD kung aling opsyon ng pagbabayad ang isasagawa ng customer at maaaring magtakda ng mga hangganan ng opsyon ng pagbabayad na iyon, sa natatanging pagpapasya ng MPWD. Ang anumang napiling opsyon ng muling pagbabayad ay dapat humantong sa ganap na muling pagbabayad ng hindi bayad na balanse sa loob ng 12 buwan, ngunit maaaring magkaloob ang MPWD ng mas mahabang termino kung magiging kailangan ito upang maiwasan ang labis na paghihirap batay sa partikular na mga kalagayan ng customer.